

ANG BABAE SA BALANGIGA AT IBA PANG TULA

ANG BABAE SA BALANGIGA
SI NAGMALITONG YAWA
GULUGOD
LIPAKIN DIN ANG AKING MGA PALAD
TAON NG DUGO
SESTINA NG ISANG SALESLADY
BAGWISAN
DIORAMA
KABUWANAN
EHERSISYO NG PAGBUBUKOD
SUNÚRAN
IN UTERO
PAPAYA
LIMPIEZA DE SANGRE

ANG BABAE SA BALANGIGA

I

Unang uha ko ay narinig
Ng mga kawayang lumawiswis;

Inalayan ng mga kabibe
At mga balud sa pampang;

Ipinagbunyi ng mga lawaan
Gaya ng ibang anak ng uma.

Mga anak ng Balangiga
Kaming kaniig ang kalikasan.

Ipinaghele kami sa duyan
Ng taggutom at panggagahis,

Kaya't ibinabalik sa Ginoo
Lakas namin at pagpapala.

Busog ako sa pangaral,
Sa kamote at sapsap,

Sa bulad at banaw.
Paslit pa lang ay batid na

Ang sagot sa patitguón:
Halu-ag nga kapatagan

Ginpugasan hin bulawan.
Hindi kailangang tumingala.

Tres Maria ay mga alitaptap
Sa gabiing lulong sa panganib;

Tres Maria itong kumutitap
Sa tuktok ng aming simboryo

Nang apat na dekada—
Tatlong kampanang bakal,

Hindi man tinunaw,
Ginawang mga kanyon

At bayong-bayong na balang
Panagupa sa mga Espanyol,

Batingaw nito ay agunyas
Ng paghahari ng karimlan –

Ang pagpitak ng liwanag,
Ang adlaw ng aming pagbangon.

Mga anak ng Balangiga
Kaming pinatatapang ng tuba

At pananampalatayang
Kakampi namin ang langit.

Nakakintal ito sa aking dila
At dibdib, sa bawat pag-usal

Ng Santo Rosario at misal,
Hanggang maging mamaratbat

Akong dinadala ng mga paa
Maging sa mga liblib na lugar

Para bigkasin ang tresaryo
At ika-cuarente nga dias.

Sisimulan ko ang pangangadi,
Katuwang ang mga parasabat

Na mga kaanak ng namatay
At iba pang nakikiramay;

Sisimulan ko ang siday.
Isasalaysay ko ang kasaysayan

Ng pakikibaka ng aming lipi.
Tatawagin ko ang pangalan

Ng bawat datu at babaylang

Nag-alsa: Bankaw, Pagali,

Tamblot, Dagami, Sumuroy.
Ganito namin ihinahatid

Sa kabilang-buhay
Ang aming mga bugtó.

Mga anak ng Balangiga
Kaming di-mapatid ang katulinan.

Hindi bahag ang buntot
Sa gaba at kamatayan.

Hindi kami natigatig
Sa lagatak ng mga bota

At lagitik ng Krag-Jørgenseng
Bitbit ng tropang Amerikano:

Ang kilabot na Company C
Ng 9th Infantry Regiment;

Sangkot sa pagkalaboso
Sa Apache at kay Geronimo,

Sumabak sa sagupaan
Sa burol ng San Juan ng Cuba,

Nakipagpalitan ng putok
Sa nag-alsang Yihetuan ng Tsina.

Ano't mga maamong tupa
Silang tila kahiramang-suklay.

Nakitagay ng tuba,
Sumakay sa aming mga biro,

Nagsipag-indak sa kumpas
Ng aming awiting bayan.

At nang hindi kami mapaluhod,
Sinunog ang aming palayan,

Tinigbas mula sa pinagtubuan
Ang mga punong namumunga,

Hinablot ang aming mga lambat,
Sinamsam ang aming mga bigasan,

Inagaw ang aming mga patalim.
Dinukot ang aming kalalakihan;

Parang mga hayop na ikinulong,
Parang mga presong pinagserbisyo.

Ipinagbawal ang mga umpukan
Sa suspetsang sila ang pagpulungan.

At nang kanila nang lapastanganin
Puri ng aming kababaihan

Umapaw na ang tapayan
Ng aming pagtitimpi.

II

Ako si Casiana Nacionales.
Hindi ako pipikit.

Ako ang mamaratbat
Hindi lamang ng mga patay.

Ako ang mamaratbat
Ng mga anak ng Balangiga.

Súbay ko sa prusisyon
Ang pulutong ng mga bugto

Nga lalaking nagbalatkayong
Mga nagluluksang babae.

Suot namin ay itim na pandong,
Ternong itim na kimona at sáya;

Hatid ay mga kawayang kabaong
Na hindi bangkay ng mga batang

Dinapuan ng kolera ang dala,
Kundi armas pandigma. Sa loob,

Mga arnis ay alumpihit
Na may makulatang dayuhan;

Mga bolo ay uhaw na madilaan
Ang dugo ng kaaway.

Mil nuwebe siyentos uno,
Setyembre beynte otso,

Oras ng almusal, sa hudyat
Ni Valeriano Abanador

Na may arnis sa kaliwang kamay:
“Atake, mga Balangigan-on!”

Kumampanada ang kampana,
Pinukaw ang anim na pulutong

Sa sabayang pagsalakay. Tumugpa
Mula sa mga kalye at gubat.

Bumudyong ang mga pakakak
Gaya ng sa paglusob noong araw.

At nang simbahan ay nagbukas,
Iniluwal kaming ikapitong pulutong.

Kasama ko, kaliwa’t kanan, pasugod,
Mga mandirigmang nagbihis-babae,

Wala nang pindong ng pagluluksa;
May nagbabantang bolong sunggab.

Hawak ang rosaryo at krusipiho,
Ako: “Atake, mga Balangigan-on!”

Matang-manok, napatda sa paglusob

Ang mga balik-harap. Natigagal

Ang mga puswelo at platong
Natilamsikan ng dugong banyaga.

Mga anak ng Balangiga
Kaming hindi pagagapi kahit kanino.

Mga aso ay lalong naulol.
Tinugis kami hanggang sa burol,

Kinatay ang aming mga kalabaw,
Kinitil ang buhay ng aming intoy.

Tinangay ang aming mga kampana
Bago ipalapa sa apoy ang isla.

Saksi ako sa pagtindog
ng aming katawhan.

Ako si Casiana Nacionales.
Isang babae sa larang ng paglaya.

Walang ipinag-agam-agam.
Dinggin mo ang aking awit.

SI NAGMALITONG YAWA

Ibinubukod ang lahat bago pa man isilang;
Hinihirang batay sa minulan. Una, sa angkan
At antas ng ginikanan. Kasunod ang kasarian.
Bago pa mangibabaw ang uha, ang guhit sa gitna
Ang nagtatakda ng tadhanang maging isang binukot:
Kinukuha sa kuna, inilalayo sa mga mata
At sabik na karga ng kahit sino sa magbanwa;
Sa balay, iniluluklok sa kaloob-loobang kuwarto
Malayo sa kuwartel ng mga kawal,
Malayo sa saloy ng sinag ng araw na batis
Ng kapangyarihan at lakas ng mga mandirigma.
Kaya sa bukotan nagsimulang kuminang,
Gaya ng bulan, ang maputlang balat. Sa silid
Maghaponng sinusukat sa dangkal at dipa
Ang laksa-laksang ikid ng bulawang sinulid –

Hinihimay,

Hinahabi,

Hinihilom

Nang maging bulawang kasuotan ng kadtuan.
Sa ibang mga araw, nag-aaral ng pagsayaw
At pag-awit ng sugidanon sa mga pagdiriwang.
O kaya naman ay naghihintay na mamuko ang dibdib,
Tumbasan ng pangayu ang inalagaang kariktan.

Hulog ng langit itong kapalaran. Sa iba,
Parusa ang makatagpo ng mahimalang prinsesa.
Ano pa ang isang buong isla ng mga buntog
Na may libo-libo, milyon-milyong binukot,
Sa kilabot na islang binansagang Tarangban?
Kahit nakatanggap ng babalang patong-patong
Tumulak doon si Buyong Humadapnon.
Kahit malapot na dugo ang kapara ng alon,
Hindi nagpatinag si Buyong Humadapnon
Ang ginoong harangdon

Datung parangkuton

Pangulo ng banwa at ng mga karatig na lupain
Haligi ng banwa at kalamnan ng kalibutan
Abugon ang atubang

Buruhisan ang adang

Nagayuma ng angaw-angaw na bulong,
Narahuyo sa pinakabatang dalagitang

Si Lubay Hanginon Mahubuk-hubukon.
Nabihag ng bighani ng Kurundalan
Ang datung magiting. Napikot ng alindog
Ang datung mapusok. Bakit ko babawiin
Ang laya ng buyong na madaling mabuyo?

Ako si Nagmalitong Yawa
Nagmaling Diwata
Gingmara Mungaw
Ginsaluging Agaw

Umbay Kinmayunan
Hindi taga-Idalum, ni taga-Ibabaw.
Mula sa mulaan ng bukung-liwayway.
Hiyas akong walang kapantay.
Sagradong buntog, pangulo ng mga buntog.
Binukot ako, ngunit hindi yanong binukot.
Sa dunikop kong hugis-mangkok
Iniingatan ko ang kidlat at kulog.

Binukot akong makapangyarihan.
Makapangyarihan akong babaylan.
Isa akong tuyawan. Isa akong bilisyunan.
Sa kapangyarihan ng aking pamlang
Nagbalhin ako't ang aking bayhon
Kahawig ni Buyong Humadapnon.
Ako ngayon si Buyong Sunmasakay.
Isang makisig na datu. Isang malangga.
Narito ako ngayon sa harap ng bibig
Ng yungib na nanatiling nakapinid,
Walang natamo ni gasgas o bitak,
Sa kabila ng sari-saring seremonyas
Ng sari-saring babaylang nangahas
At nabigong ito ay mapabagsak.
Nakahanay ang aking kawa at pinggan,
Puno na ng patak ng pada ang pinyugan,
Kuminang ang dalongdong at pamlang.
Inilabas ko ang turungbon at baragtingan.
Inilabas ko ang ralanhan at paranyakan.
Isinugo ko ang usok ng kamangyan.
Ipinakausap ko si Laon Sina sa yabon
Na ipadala ang haraywan at saragudon.
Pinadagundong ko ang agong at karatung.
Mga labi at katawan ko ay umindayog,

Nakiusap na sa katawan ko ay pumasok
Sina Duwindi at Taghuy. Umikot-ikot
Akong gaya ng trumpo; nagsaboy
Ng sibukaw; inalog-alog ang banay.
Kisapmata kong binunot ang iwa sa kaluban.
Lumundag at inakyat ko ang mga baitang.
Pintuan ng yungib ay aking pinahiran
Ng dagondong at pamlang, saka inundayan
Ng saksak ng aking balaraw. Umatungal
Itong parang halimaw na nasaktan.
Ngunit pakaladkad pa rin itong nabuksan.
Kaya't tinawag ko mula sa urugan
Sina Sumanggi Linti at Ibay Padalugdug.
Tinamaan ng kidlat, sinundan ng kulog,
Ang daliping nabitak at nadurog.
Tumilapon ang isang piraso pahilaga,
Sa hampasang-alon naman ang kabila.
Agad natambad ang laksa-laksang buntod.
Linis nang bangkay mandin sila sa liwanag.
Yuta-yutang binukot ang aking dinampot,
Angaw-angaw ang nahulog sa aking kamay.
Walang natirang hindi ko nawakwak.
Wala akong itinirang hindi ko nakatay
Sa aking mga kabarong nahirang
Para maghabi at manukso ng kalalakin-an.
Mga kiral sila sa digmaan ng kasarian;
Mga babayhanang laya ay kamatayan.

GULUGOD

Hindi *apong* na tinuhog
na mga hiyas na *silug* at mga butong
gusao o *atlokkui* –
konstelasyong
maluningning
sa langit ng aking buhok –
itong *duli* –
nakataling gulugod ng *uweg*.
Tinhog na mga buto sa gulugod ng ahas
na kaming mga *fafayi* – kami,
lahat ng mga babae ng aming *ili* –
ang may taglay,
hindi para ipagyabang
ang katayuan
sa buhay (may asawa),
sa lipunan (hindi hamak).
Kawing ng mga butong
naghuhugpong
sa simula at dulo –
sa noon at ngayon –
lagi naming dala – nakatali

sa aming ulo
ang bigat ng kasaysayan,
ibuklod ito sa ikiran ng aming malay
nang hindi mabukod
sa kiluhán ng kasalukuyan.

Pirmi
ang pahiwatig: Kumikiwal
gaya ng ahas sa batuhan
ang mga landas sa mga pisngi ng kabundukan
Umiikwal ang saloy ng Ilog Chico –

Ilog ng Buhay
– nagpapaginto
sa mga uhay ng aming *payyo* –
binasbasan ng dugo
ng mga ninunong
nagbuwis ng buhay.

Suot ko itong anilyong panlunas sa sakit
ng tiyan – pinahihigop ang sabaw
ng gulugod; sa sugat –
ibinubudbod
ang kinalas na butong
sinunog at dinurog.

Suot ko itong *saraknib* laban sa maitim na balak;

dupil sa pagbubuntis

hanggang sa manganak.

Suot ko itong gulugod ng ahas sa aking ulo

Bilang tanda ng aking pagsamo:

Anitong nananahan sa uweg,

Iadya mo kami sa kidlat.

Alalahanin mo iyong babaeng Bontoc,

Sa kabila ng pagbabawal, nangahas

Akyatin ang malaking bato

Sa taluktok ng Bundok Kallat.

Doon, tanging mga laraki ang nagtitipon

Para umusal ng kapyra sa mabuting panahon.

Anitong nananahan sa uweg,

Alalahanin mo ang kidlat ni Lumawig

Na bumiyak sa bato, dahil sa kanyang galit,

At ang babaeng hindi natinag.

LIPAKIN DIN ANG AKING MGA PALAD

Hindi na ako ang batang
Namimitas ng buntot-pusa
O nagugulat na parang pusa
Kapag karakarang tumiklop
Hinihipo kong makahiya
O hinihipan ang mga binting
Sinisibasib ng amoreseko.
Gayong bata pa lang ako
Nang simulan kong dangkalin
Ang tubig sa isasaing,
Kusutin ang mantsa at libag
Sa sinasabon kong salawal,
Pasanin ang kasimbigat
Na galong sinalok sa balon.
Nagkatahid ako at itinahip
Sa kamalig ng aming nayon.
Hanggang sa may labuyong
Umaligid at naningalang pugad.
Hinabol akong parang tutubing
Kalabaw na umaalimpapayaw
Sa rabaw ng mga talahib sa parang
Nang maging laksang alitaptap
Na magpupuno ng liwanag
Sa kanyang dampang pawid.
Pagtilaok ng tandang
Nakabangon na ako sa papag.
Nagkukusot pa ng mga mata
Sa hagdan ang aking bana,
Sumisipol na ang takure,
Umaaso na ang kamote.
Ngunit hindi ko ibig masuga.
Hindi lang ako tagatimpla
Ng malabnaw na kape.
Hindi lang ako tagasulsi
Ng sirang unan at pundya.
Hindi lang tagapaghatid
Ng pananghalian sa tumana.
Hindi ako nangingiming
Malubog sa putikan.
Hindi ako nadudulas

Pagtulay sa mga pilapil.
Kaya kong magbitbit ng itak
At magbuhat ng araro.
Hindi naliligaw ang ugit
Kapag inarya ko ang kalabaw.
At nang makatikim
Ng kulata militar
Ang aking banang nagbigkis
Sa mga kapwa-may-kapit-na-karit
At nagpaliyab sa mandala,
Nang wiligin ang kanyang dugo
Sa inaagaw sa aming lupa
Inakyat ko at isinuot sa balyan
Ang kanyang kamisetang
Binutas ng mga bala
Nang lagi't lagi naming maalala
Kami ang nagpalunti sa binhi,
Kami ang nagpunla sa pinitak,
Kami ang nagpaginto sa uhay.
Paanong hindi namin masusukol
Dagang bukid at dahong palay?
Paanong hindi namin mapipigilan
Salakay ng uwak at limbas?
At sino ang may sabing
Hindi ako maaaring maghasik?
Magdadala lang ng tulyapis?
Lipakin din ang aking mga palad.

TAON NG DUGO

Taon iyon ng nilalangaw na dugo sa kalsada.
Naroon ako sa ikatlong baitang ng hagdan,

Nakahawak sa balustre, alanganging
Sampu ang edad. May mantsa ng dugong

Tumagos hanggang sa pundilyo ng salawal;
Batik ng dugong tila namukadkad. Nang una,

Akala ko'y tinamaan ako ng ligaw na bala
Habang inaalisan ng dugo, hasang, at lamanloob

Ang tulalang hasa-hasang iniutos sa aking bilhin;
O talsik iyon ng dugo ng isa na namang tulak

Na tinukhang o ng drayber ng traysikel na inutas
Sa terminal ng kung sinong mainit ang dugo

Dahil sa onsehan. Agad kong inalis ang panloob,
Umurong ang ilong sa lansa ng dugong sumaboy

At kumulo ang dugo sa pahiwatig ng katawan:
Ito ang kaganapan ng kasariang 'di kailanman

Inangkin, ang kaayusang dudulo sa kagampan
At pagsisimpan ng sarili kong dugo't laman.

Buwan-buwan ko itong hihintaying dumating
At darating itong akyat-bahay na uhaw sa dugo.

Narito ako sa ikatlong baitang, palundag
Sa paanan ng hagdan, nagdurugo ang pusong

Maton. Nag-aalsa ang kalooban at 'di akin
Ang aking katawan, lumuha man ako ng dugo.

Taon iyon ng nilalangaw na bangkay sa bangketa.
Taon iyon na sampu-sampera ang padugo.

SESTINA NG ISANG SALESLADY

Buhol-buhol na naman ang trapik, kabi-kabila ang mall sale.
Sabog na ang plantsado kong buhok, hulas ang make-up.
Hirap nang maitago ang pagkahapo sa bawat ngiti.
Puro paltos at kalyo ang naghahabulang mga paa,
Nakikipagbalyahan ako sa kalsada para lang makakain
At mabuhay ang aking pamilya. Isinusugal ko pati pahinga.

Unang utos ng kapitalista, bawal ang tulog at pahinga
Sa aming mga saleslady, lalo't holiday at clearance sale.
Naghihigpit na ng sinturon ay hindi pa kami makakain.
Kaya't mga humpak na pisngi ay namumutok sa make-up,
Balot ng stockings ang nanlalamig na mga binti't paa,
Kinakapalan ang lipstick nang mabantasan ang mga ngiti.

Sa dyip, may lalaking pasaherong panay ang ngisi, hindi ngiti,
Sa aking mga hita – sa dalawang oras na biyaheng pahinga –
Na bilad sa five-inches-above-the-knee kong palda. May paang
Kumikiskis sa aking paa. “Miss Ganda, ‘di ba ngayon ang sale?”
Patay-malisyang singit ng maton. “Nagpapabili kasi ng make-up
Si misis. Kunin ko’ng number mo. Ililibre na kita ng makakain.”

Alok sa buhay-alamang. De-lata't frozen ang laging makakain.
Petsa de peligro araw-araw. Gayunman, ngiti lang nang ngiti.
With pleasing personality nga, ‘di ba? Kapalan pa ang make-up
Para hindi halatang hinahanap ng katawan ang pahinga.
Pero hindi ko ito ginagawa para pilahang parang naka-sale.
Hindi komoditi ang aking pagkatao, mula ulo hanggang paa.

Heto nga't halos magkandamatay ang mga kuko sa paa
Sa walong oras na pagtayo, pitpit pa ng de-takong. Makakain
Na yata ng varicous veins ang mga hita't binti. At kapag may sale
Unahan sa stockings. At kung may kamot ang suot, walang ngiting
Haharangin ka ng SG at hindi papapasukin. May instant pahinga
Para mag-retouch kung maispitan ng bisor na manipis ang make-up.

Malabong magka-backpay o 13th month kaya tipid sa make-up.
Pati OT ay wala pang bayad. Ihanda sa paghagibis ang mga paa
Palipad sa stockroom, kapag ang kostumer ay walang pahinga
Sa pag-ungkat ng stocks o size na hindi rin bibilhin. Makakain
Kaya ang sales reports at monthly inventories? Sige. Itulot ang ngiti,
Minamata ma't binabarat ng among tubong lugaw kahit nagpa-sale.

Pero aanhin ang make-up kung wala na kaming makakain?
Pudpod man ang mga paa, isusulong namin, nang may ngiti,
Sapat na suweldo at pahinga. Dignidad nami'y NOT FOR SALE!

BAGWISAN

Mabatubalaning ngiti
 (Walang bungi o sungki)
 Ang nagkaloob ng pasaporte

Sa mga biyaheng 35,000 talampakan
 Mula sa ibabaw ng lupa.
 Abot-kamay ko ang langit.

Nakabitin sa himpapawid,
 Nasa kamay ko ang buhay
 Ng mga lumulan.

Paglapag sa ibang lupalop,
 Madalas iba na ang oras,
 Pati hanging nalalanghap.

Ngunit hindi nasasanay
 Ang timpla ng katawan.
 May bumabagbag

Hanggang kaloob-looban,
 Kapurit man ang tagtag
 Para tumimo sa laman,

Maantala man ang pag-ilanlang.
 Kaya nagka-jetlag
 Pati buwanang dalaw.

Mabuti na raw kaysa magpakakuba
 Sa pamumulot ng panggatong
 Sa nilisang nayon.

Ibaling ang tingin. Magtaingang-kawali
 Pagka may kabarong pinatalsik
 (Bawal makipag-isang-dibdib),

Pagka lumagapak ang sampal
 Sa di-maipag-adyang pisngi
 O sabuyan ng umaasong tubig.

Sabihin mo, paano magkukunwaring

Walang nakita at narinig?
Paano itatakwil ang mga hinaing

Na nakasukot sa mga sulok
Ng hinahon at kagandahan;
Bagwisan at handang lumipad?

DIORAMA

Marami kaming babae
Sa loob ng kahon.

May inang umiiyak
Sa tampalasang anak.

May nobyang tropeo
Ng konyong erederero.

May sinasalamangka
Ang plantsahin at labada.

May walang tigil sa paggiling
Sa lansa ng mga tingin.

Marami kaming babae
Sa loob ng kahon

Ng pantasya
Ng maraming maton.

Wala kami roon.

KABUWANAN

Buwan-buwang dinadatnan
Ng paalala:
Sumisikad ang bahay-bata;

Nangangambat
Sa budhi, kung hindi man
Nananabik,

Gumagana pa sa pagsapupo
Sa sarili kong
Sanggol na aking iaatang

Sa ibabaw ng mundong
Aligagang
Manatiling buhay.

Buwan-buwan,
Pinapaalalahanang
May alalahanin

Sa gastusing dadalhin
Sa pagdadalang-tao—
Nakapulupot itong

Parang pusod
Sa leeg,
Salat sa inunan,

Ngunit pumipiglas
Sa bawat pintig
Ang nakaambang

Kabuwanan
Ng pag-alpas.

EHERSISYO NG PAGBUBUKOD

May mga buwang humihilab
Ang puson.
May katapat agad na tambal.

Ngayon lamang naunawaan

Paraan iyon ng katawan
Nang masanay
Sa humahalukay na kirot.

Isang ehersisyo ng pagbubukod:

Hinihigop papaloob ang lahat
Ng lamanloob
Na hindi dapat bitiwang;

Itinutulak palabas ang isisilang

Para pumisan sa sansinukob.
Anupa't pagdiriwang
Bawat singhap at pag-ulos.

SUNÚRAN

Lagi na lang ina
Ang buntunan ng sisi
Kapag walang lawit
Ang kanyang isisilang.

Masamang balitang
Kulang na lang
Ay paglamayan,

Mortal na kasalanang
Maghatid
Sa sangmaliwanag
Ng isang palahiag

Hindi mailalatay
Apelyido ng ama,
Kanino man pumisan.

Baka pa maging disgrasyada,
Kung 'di baog;
Soltera,
Kung 'di kapulot-pulot.

Kaya't hayaang mangitim
Mga murang labing
Naghahanap ng gatas.

Lalaki rin namang lupaypay,
Mahina ang loob,
Balat-sibuyas.

Sa harap ng hapag
Hayaang maitawid ang gutom
Ng lahat, bago manimot
Ng pispis sa pinggan.

'Di naman kailangang
May laman ang sikmura
Kung 'di rin lang magbabatak

Ng buto. Oo,

Sabihin pang subsob
Sa gawaing bahay.
'Di pumipiga ng utak

Para magsunog ng kilay.
Kaya't ipaubaya kina utol
Ang biyaya ng matrikula.

'Di kailangan ng diploma
Sa pagbuno
Sa gabundok na labada.
'Di kailangan ang matematika

Sa pag-iiskoba
Ng lababo at inodoro.
Tuloy mamasukan

Kung kanino mang amo.
Huwag lumihis.
Magpatali nang maaga,
Mangamuhan

Sa tuntungan ng bana.
Ay! Kung gayon, hindi na.
Hindi na. Hindi na!

Hindi ako inang
Buntunan ng sisi
Kapag walang lawit
Ang isinisilang.

Kasarian ng sanggol,
Bago tubuan ng gulugod,
Upat ng ama.

IN UTERO

Nakasandig sa nakaangklang IUD ang pagsasanib ng kapurit na ambit ng lalaki at kapurit na ambit ng babae. Ipagsapalaran, amuki ng espesyalista. Kapurit lamang ang probabilidad ng komplikasyon. Obhetong walang pagsasaalang-alang sa halagang nakapagitan sa buhay at kamatayan – lalang ng makina – materyal na ipinasok sa loob ng aking puwerta – kronometrador na itinanim sa loob ng aking katawan – mamamahay sa aking sinapupunan nang hanggang limang taon, o hanggang kailan ko nanaisin. Hindi pa man humuhulaw ang pampamanhid, may kirot nang paulit-ulit na umiilandang hanggang sa aking mga talampakan at anit. Hinayaan kong salakayin ang aking katawan para palagan ang pasalakay na pagsiping ng aking bana. Siyam na ulit nang naitapak ang isang paa sa hukay sa siyam na ulit na pagdadalantao at pagluluwal. Kung nalaman ko lamang nang maaga na hindi dinidinig ang lahat ng dasal na walang pintig na mabubuhay sa aking bahay-bata, hindi sana iniinda ang sagpang ng pananakit ng balakang, ang pag-agas ng dugo, ang pagkalagas ng buhok. Hindi makita sa X-ray ang hugis-angklang aparato. Binutas ang aking matris at lumangoy palabas. Maaaring naglakbay na sa aking sikmura ang matagal nang humamak sa aking pagkababae. Ay! Obhetong walang puso at walang budhi, lisanin mo ang aking katawan! Ang buhay ko ay wala sa iyong kamay!

PAPAYA

Hinog na papaya. Ipinipilit na kawangis
Ng dalawang dala ko sa aking dibdib
Ang isang pares ng hinog na papaya.
Nakatutulig ang panunuya ng mga asong
Pungge. Tumutulo ang kanilang laway
Sa pagi-pagitan ng mga pangil
Sa pagitan ng bawat singhal at alulong.
Pinagtatapyas ko sila sa aking isip.
Dose-dosenang buto ng papaya
Ang namimilog nilang mga mata:
Malagkit man ang tingin, mapakla
Sa dila ang diwa ng asta nilang alpha.
Sa kanila, hayop akong mahina
Ang tuhod, madaling masusukol;
Titiklop ako kapag kahol sila nang kahol.
Nakatutulig ang panunuya ng mga asong
Ulol; pinalulubha pang lalo ang kirot
Sa loob ng mga suso kong lalong pumintog
Sa nalalapit na pagbisita ng aking
Buwanang dalaw. Maaari kong sabihing
Papaya ang pangontra sa libog
Kung hindi lang sila tinitigasan
Sa kanilang kapalaluan. Aking hinugot
Ang itak ni inang mula sa kaluban
At hinamong humakbang sa unahan
Ang pinakamatapang. Ngunit walang
Hindi bahag ang buntot sa kanilang kawan.
May pahabol pang kantiyaw:
Manang-mana raw ako kay inang,
Dating miyembro ng Katipunan;
Hindi lang kapalaran ang lumunok ng pakwan,
Kundi panguluhan ang mga ronda sa barangay.
Dinala ako mula sa kaniyang sinapupunan,
Sa karga at kuna, sa tarangkahan ng eskuwela.
Hanggang sa may magdala sa akin sa altar.
Ngunit nalunod sa sabaw si mister
Na nilunod ako sa sumbat, nilamog
Ako sa suntok. Nang nguso ko ay pinaputok,
Pati dibdib ko ay binuntal na parang pader
Na hindi niya mabuwal-buwal.
O dahil inaabot ako ng madaling-araw

Sa kalsada dala ng shift ko sa call center.
Ako na pala ang paksa ng makakati ang dila.
Hindi pa ba sapat ang kaimbian at insultong
Natatanggap ko sa kabilang linya ng telepono?
Hindi pa sapat na may tumubong
Gabuto ng papaya sa aking kanang suso;
Nangmamata, mabugasok,
Parang asong nilalapa ang aking laman
Sa dibdib; at bago pa maging dalandan
Nakapaglunsad na ako ng ganting-salakay.

LIMPIEZA DE SANGRE

Kapag dumating na ang oras
Ng matinding kagipitan
Naghahalo ang balat sa tinalupan.

Halimbawa: Marawi, Tacloban.
Dinaluhong ng katakot-takot
Na tao ang mga shopping mall,

Sinikwat ang mga kalakal.
Ang mga dinambong: pagkain,
Damit... pampaputi ng balat!

Hindi ko napigilang malaglag
Ang panga. Wala sa hinagap
Na kailangang magbarikada

At matutuhang dumepensa
Ang gaya kong dispatsadora
(Tindera, kahera, tagapatnubay

Sa kung ano ang ipanghihinaw,
Ikukuskos, ipapahid, iwiwisik
Ipapatak, iinumina, ituturok

Ng aming mga tagataguyod
Na kakara nina Doña Victorina
At Binibining Yeyeng)

Laban sa mga kapit-patalim
Na magbubuwis ng buhay
Para sa "kadalisan ng dugo."

Paano'y nasa namumuno
Kung kailan tatagibang
Balanse ng kapangyarihan;

Kung paanong kamaharlikaa'y
Kinikilatis sa pusyaw ng balat
(Hindi nabibilad at natutusta

Sa pag-aararo, paghahayuma,

Paglalako sa palengke at kalsada,
Pagkakargador, at pag-a-atip).

Walang pakundangang nagpahid
Ng pinulbos na perlas sa mukha
Ang babaeng tumangging paaglahi,

Sinamsam ang kaputian sa lahing
Makahari, nang maging diwata,
Hindi man bathaluman.

Pati mga sanggol nang iluwal
Hinaguran ng langis ng niyog
Ng mga mediquillo at hilot

Para kontrahing parang salot
O sumpang makukuha
Sa panalangin ang pangangitim.

Mga neneng pinagdamit-kerubin
Sa mga palabas at prusisyon
Bumabalik din sa pagka-indio

Ang kutis; subsob sa trabaho
Maghapon. Aanhin ang maputi
Ang tuhod, lalo't lumuluhod

Sa paanan ng nambubusabos?
Kaya't mula ngayon, itinatakwil ko
Ang tungkulin ng pambubulag.

Kataratang dapat matungkab
Pagtataas sa kadalisayan ng dugo
Ng may bahid-dungis ang puso.

MGA TALA:

ANG BABAE SA BALANGIGA: Isang bugtong ng Waray tungkol sa mga bituin ang *Halu-ag nga kapatagan / Ginpugasan hin bulawan* (“Malawak na kapatagan / tinamnan ng mga ginto”). Mababasa ito sa *Unang 800 Sagisag Kultura ng Filipinas* na pinamatnugutan ni Virgilio S. Almario. Ilan sa mga detalye tungkol kay Casiana Nacionales ay galing naman sa pananaliksik na “100 Years of Balangiga Literature: A Review” ni Prof. Rolando O. Borrinaga.

SI NAGMALITONG YAWA: Ang mga detalye tungkol kay Nagmalitong Yawa ay mula sa *Hinilawod: Adventures of Humadapnon* na inawit ni Hugan-an, inirekord at isinalin sa Ingles ni F. Landa Jocano.

GULUGOD: Galing sa mitong Bontoc ang tungkol sa nabiyak na bato sa Bundok Kallat.

DIORAMA: Inspirasyon nito ang *Images of Women in Philippine Media: From Virgin to Vamp* ni Pennie Azarcon- Dela Cruz.

SUNÚRAN: Halaw ang ilang bahagi sa infographic na *Cycle of Malnutrition* ng The Hunger Project.

LIMPIEZA DE SANGRE: Ang mga detalye tungkol sa kerubin at mediquillos ay halaw sa pananaliksik na “Clothing and the colonial culture of appearances in nineteenth century Spanish Philippines (1820-1896)” ni Stephanie Marie R. Co.